LIGTAS NA PAGGAMIT NG KORYENTE AT GAS:

Ang elektrisidad at natural gas ay mahalaga sa kalusugan at ginhawa ng tahanan. Napakadalas ng ating paggamit ng mga ito na nakakalimutan natin ang mga kapahamakang pwedeng maidulot nito. Siguraduhing alam mo itong mga tuntuning pangkaligtasan para malayo sa panganib ang iyong pamilya at protektado ang iyong tahanan.

LIGTAS NA PAGGAMIT NG KORYENTE:

Main Switch: Alamin kung nasaan ang main electrical switch sa iyong tahanan. Ito ang “circuit breaker” at pinipigilan nito ang pagdaloy ng koryente kapag sumobra na sa kapasidad ng sistema ng elektrisidad para hindi mag-overload.

ALAMIN ANG MGA SENYALES O BABALA NA MAY PROBLEMA SA KORYENTE: Ang koryente ang nangungunang sanhi ng sunog sa bahay. Kilalanin ang mga senyales na maaaring nasa panganib ka at ang iyong sistema ng koryente ay kailangang ayusin.

Halimbawa ng mga senyales:

- Kapag may bahagi ng bahay na nawalan ng koryente at kailangan muling i-reset ang “circuit breaker”, ito ay palatandaan na ang iyong sistema ng koryente ay overloaded.
- Ang nag-iinit at naninilaw na mga saksakan at takip ng switch ay maaaring senyales na may problema sa mga kawad o kaya’y nasusunog.
- Ang amoy nasusunog o nasusunog na goma ay maaring senyales na may appliance na nag-ooverheat.

KALIGTASAN SA LOOB NG BAHAY:

Tingnan ang lahat ng mga kordon na iyong ginagamit sa saksakan, pati na ang mga appliances, mga ilaw, hair dryer, bentilador, radyo, at anumang gumagamit ng koryente. Kung nakikita na ang mga kawad o kung ang mga plug ay maluwag o gumagalaw, ito ay hindi na mabuting gamitin. Ang mga sirang kordon ay pwedeng pagmulan ng sunog o magdulot ng electric shock o pangunguryente.

- Huwag palitan ang anyo ng plug sa dulo ng kordon. **Huwag kailan man** tanggalin ang pangatlong paa ng plug na para sa grounding para pumasok ito sa saksakan. Makakabili ng murang adapter na uubra sa saksakan sa dingding at sa plug na tatlo ang paa sa mga tindahan ng hardware.

- Kapag inaalis ang plug sa saksakan sa dingding, laging hawakan ang plug para tanggalin sa outlet. Huwag kailanman hilahin ang kordon.
- Huwag i-overload ang saksakan. Ang pag ‑ plug ng maraming gamit sa isang saksakan ay nagiging sanhi ng sobrang pag-init nito na maaaring pagmulan ng sunog.
- Ilayo ang mga dekoryenteng gamit sa tubig. Huwag kailanman hipuin ang dekoryenteng gamit kapag malapit ka sa tubig.

KALIGTASAN SA LABAS NG BAHAY:

- Mag-ingat sa mga basang lugar o lugar na may tubig.
- Huwag gumamit ng mga panloob na appliances sa labas ng bahay tulad ng mga ilaw at bentilador.
- Huwag gumamit ng mga appliances sa ulan.

- Ilayo ang mga dekoryenteng gamit sa mga swimming pool.
- Laging panatilihing malayo ang tayo sa mga nakabiting kable sa poste ng kuryente.
- Mag-ingat kapag nagkukumpuni ng mga bubong, nagpipintura, nag-aayos ng mga antena, at nagpuputol ng mga sanga ng puno. Kung ang inyong puno ay umaabot na sa mga linya ng koryente, humingi ng tulong sa utility company. Huwag kailan man hahawakan ang kable ng koryente na bumagsak sa lupa.
- Tumawag sa 911 at lumayo.

LIGTAS NA PAGGAMIT NG NATURAL GAS:

Ang natural gas ay gamit para mapainit ang iyong bahay, sa pagluluto at sa pagpapainit ng tubig.

Alamin ang mga senyales ng GAS LEAK !

- **Amoy:** Ang gas ay may amoy tulad nang nabubulok na itlog. Ang amoy ay idinagdag para maging alisto sa posibleng gas leak.
- **Makinig:** Mga tunog na parang sipol, sutsot, o ingay na nanggagaling sa isang appliance o sa ilalim ng lupa ay maaaring senyales ng gas leak.
- **Tumingin:** Ang mga sirang koneksyon sa dingding ng isang appliance na pinapatakbo ng gas tulad ng kalan o water heater, mga dumi na sumisirit, o patse-patseng namamatay na mga halaman malapit sa mga tubo ng gas ay maaaring seneyales ng gas leak.

KUNG NAGSUSUPETSA KANG MAY GAS LEAK, TANDAAN:

- Manatiling kalmado
- Kaagad umalis sa lugar at tumawag ng 911
- Huwag magsindi ng posporo o kandila
- Huwag gumamit ng flashlight, magpatay-sindi ng ilaw o gumamit ng mga appliances
- Ang paggamit ng koryente malapit sa gas leak ay maaring pagmulan ng sunog

PAGIGING LIGTAS SA TAHANAN: **Huwag kailanman** gumamit ng gas stove o oven para painitin ang iyong tahanan. Pwedeng maging sanhi ito ng gas poisoning o pagsimulan ng sunog sa bahay mo.

Panatilihing malinis ang iyong kalan at siguraduhing walang mantika malapit sa burners o sinisindihan ng apoy. Kung magkaroon ng sunog mula sa mantika, huwag gumamit ng tubig para patayin ito. Gumamit ng fire extinguisher o ng baking soda para patayin ang apoy.

Ang iyong organisasyong “CHANGES” ay pwedeng mag-tsek ng iyong mga bayarin, tulungan kang sagutan ang mga papeles na kinakailangan, makipag-usap sa kompanya ng elektrisidad at gas para sa iyo, at sumagot sa iyong mga tanong at/o mga pinoproblema.

Kontakin ang iyong lokal na organisasyon na CHANGES para humingi ng tulong:

Community Help and Awareness of Natural Gas and Electricity Services
“CHANGES”

Ang CHANGES ay isang programa ng California Public Utilities Commission
www.cpuc.ca.gov